

1 Ang Diyos ay makapangyarihan upang tubusin ang nakaraan ni Jacob at ipaalala ang kanyang bagong pagkakakilanlan.

Sinabi ng Diyos sa kanya, "Jacob ang pangalan mo, pero mula ngayon hindi ka na tatawaging Jacob kundi Israel na." Kaya naging Israel ang pangalan ni Jacob. **GENESIS 35:10**

Nang bigyan ng Diyos si Jacob ng bagong pangalan, nagbigay din Siya ng bagong pagkakakilanlan. Bago pa ang sandaling ito, si Jacob ay maraming pinagdaanan sa kanyang buhay. Tumakas siya mula sa kanyang tiyuhin na si Laban, nakipagtunggali sa Diyos, at buong pangambang nakipagkasundo sa kanyang kapatid na si Esau, na kanyang nilinlang maraming taon na ang nakalipas. Ang kanyang anak na babae ay pinagsamantalahan, at upang ipaghiganti ito, ang dalawa sa kanyang mga anak na lalaki ay nanlinlang, pumatay, at nagnakaw sa mga tao sa lugar kung saan sila nakatira. Sa kabila nito, binigyan ng Diyos si Jacob ng bagong pagkakakilanlan. Ang ibig sabihin ng Jacob ay "manlilinlang," subalit Israel ang pangalan na itinawag sa mga mamamayan ng Diyos sa mga sumunod na henerasyon. Tulad nito, sa Kanyang kapangyarihan, maaaring tubusin ng Diyos ang ating nakaraan at ipaalala sa atin ang ating bagong pagkakakilanlan kay Cristo. Paano natubos ang iyong nakaraan? Paano nagbago ang buhay mo sumula nang makilala mo si Cristo?

2 Ang Diyos ay makapangyarihan upang ipadala si Jacob sa isang misyon.

Sinabi pa ng Diyos sa kanya, "Ako ang Makapangyarihang Diyos. Magkakaroon ka ng maraming anak. Magiging ama ka ng isang bansa at ng marami pang bansa, at magiging hari ang iba mong mga lahi." **GENESIS 35:11**

Matapos ipahayag na ang bagong pagkakakilanlan ni Jacob ay Israel at ipahayag ang Kanyang sarili bilang *El Shaddai*, binigyan ng Diyos si Jacob ng isang misyon. Bilang Diyos na pinakamakapangyarihan sa lahat, mayroon Siyang awtoridad na magpadala ng Kanyang mga mamamayan sa isang misyon, at mayroon din Siyang kapangyarihan na tulungan silang magawa ito. Hanggang sa ngayon, ipinapadala pa rin ng Makapangyarihang Diyos ang mga tumatawag sa Kanya sa Kanyang misyon. Mayroon Siyang awtoridad na bigyan tayo ng utos at kapangyarihan upang bigyan tayo ng kalakasan na maisagawa ang Kanyang misyon. Paano mo naranasan ang tawag ng Diyos na makibahagi sa Kanyang misyon? Paano ka namumuhay nang may kaalaman na maaari kang humingi ng Kanyang kapangyarihan upang maisagawa ang misyong ito?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay makapangyarihan? Paano mo magagawang pag-isipan nang maigi ang Kanyang katangian at ang Kanyang ginagawa sa iyong buhay ngayong linggo? Ipanalangin na makilala mo ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa iyong buhay.
- Ano ang ilan sa mga bagay sa iyong nakaraan na sa tingin mo ay hindi mo mababago na nakakaapekto sa iyong kasalukuyan? Isuko ang mga ito sa Diyos at manalig na babaguhin ka Niya at bibigyan ka ng bagong pagkakakilanlan.
- Alam mo ba ang misyon ng Diyos at kung paano mo magagawang makibahagi dito? Ano ang ilan sa mga paraan upang magawa mong marinig at sundin Siya?